INLAND REGIONAL CENTER
Enhancing Lives
…valuing independence, inclusion and empowerment
P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92423
Telephone: (909) 890-3000
Fax: (909) 890-3001

1.7 ZERO TOLERANCE NA PATAKARAN KAUGNAY NG: PANG-AABUSO AT PAGPAPABAYA SA CONSUMER

PATAKARAN

Alinsunod sa Artikulo 1, Seksyon 17 ng Master Contract ng IRC sa Estado ng California, hindi kukunsitihin ang pang-aabuso sa Consumer na gagawin ng mga miyembro ng kawani ng Inland Regional Center (IRC) o may-ari at/o empleyado ng mga tagapagbigay ng serbisyo o pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga. May zero tolerance para sa nasabing aktibidad. Masusing iimbestigahan, sa lahat ng sitwasyon, ang lahat ng nasabing pang-aabuso o pagsusumbong ng nasabing pang-aabuso. Para sa anumang insidente kung saan makatwirang lumalabas na may nangyaring berbal na pang-aabuso, pisikal na pang-aabuso, pag-abandona, pagdukot, pagbubukod, pinansyal na pang-aabuso, o pagpapabaya sa isang nasa hustong gulang na Consumer, o sa mga sitwasyon kung saan sinabi ng isang nasa hustong gulang na Consumer sa isang miyembro ng kawani ng IRC na nakaranas siya ng nasabing pang-aabuso, dapat iulat kaagad ang bagay na ito sa naaangkop na awtoridad ng pamahalaan (napapailalim sa ilang partikular na limitadong pagbubukod na inilalarawan sa Batas sa Pag-uulat para sa Nasa Hustong Gulang).

NAAANGKOP NA PAGLALAPAT

Nalalapat ang patakaran at aliuntuning ito sa lahat ng Miyembro ng Kawani ng Inland Regional Center; lahat ng tagapagbigay ng serbisyo at/o kontratistang binigyan ng lisensya at ginawang vendor ng IRC; lahat ng empleyado ng mga tagapagbigay ng serbisyo at/o kontratistang binigyan ng lisensya at ginawang vendor ng IRC.

LAYUNIN

Wala nang mas mahalaga pa para sa Inland Regional Center kaysa sa kalusugan, kaligtasan, at seguridad ng mga consumer nito. Kaya naman, nagpatupad ang Board of Trustees ng “zero tolerance” na patakaran dahil nauugnay ito sa pang-aabuso o pagpapabaya sa consumer.

MGA PAMANTAYAN

1. Ang sinumang miyembro ng kawani ng IRC na mapag-aalamang nagsagawa ng pang-aabuso laban sa isang consumer ay mapapailalim sa matinding pagdisiplina, hanggang sa at kabilang ang agarang pagkatanggal sa trabaho at/o pagsasampa ng kaso hanggang sa sukdulang nasasaklawan ng batas.
2. Ang malalamang pang-aabuso na isinagawa ng may-ari o empleyado ng isang tagapagbigay ng serbisyo o pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga ay:

    a. Idudulog sa mga naaangkop na awtoridad para sa pag-uulat at potensyal na pagsasampa ng kaso.
    b. Mapapailalim sa mga parusang hanggang sa at kabilang ang pag-aalis sa listahan ng mga awtorisadong magbigay ng mga serbisyo para sa mga consumer ng panrehiyong center.

3. Mga Obligadong Tagaulat

a. Ang lahat ng indibidwal na saklaw ng diwa ng patakaran at alituntuning ito na “mga obligadong tagaulat,” alinsunod sa Penal Code ng California, ay mahigpit dapat na sumunod sa mga batas sa pag-uulat sa lahat ng pagkakataon.

b. Ang isang obligadong tagaulat ay dapat (maliban kung nakabukod sa ilalim ng batas) mag-ulat kaagad ng lahat ng pang-aabuso sa consumer sa mga naaangkop na awtoridad ng pamahalaan o mag-ulat nito sa lalong madaling panahon na magagawa pagkatapos niyang matuklasan o makatwirang mapaniwalaan na may nangyaring pang-aabuso sa consumer.

MGA KAHULUGAN

1. Mga Tagapagbigay ng Serbisyo at/o Kontratistang binigyan ng lisensya at Ginawang Vendor ng IRC – Mga tagapagbigay ng serbisyo o kontratistang nagbibigay ng direktang serbisyo at suporta (gaya ng tinukoy sa seksyon 4512(b) ng Welfare and Institutions Code) sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad na nasa saklaw na sineserbisyuhang lugar ng IRC.
2. Mga Obligadong Tagaulat – Nagpatupad ang Lehislatura ng California ng iba't ibang batas para protektahan ang lahat ng bata, dependent na nasa hustong gulang, at matanda mula sa iba't ibang uri ng pang-aabuso at pagpapabaya. Nalalapat din ang mga batas na ito sa Mga Consumer. Nalalapat ang mga sumusunod na Batas ng California sa iba't ibang demograpikong saklaw sa alituntuning ito.

   a. Ang Elder Abuse and Dependent Adult Civil Protection Act (W&I Code § 15600 – 15675)

      i. Nagsasaad (kasama ng iba pang bagay) na ang sinumang taong may responsibilidad sa pangangalaga o kustodiya ng isang nasa hustong gulang na Consumer, kabilang ang mga tagapamahala, superbisor, at sinumang lisensyadong tauhan ng isang pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga o mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang na Consumer, ay obligadong tagaulat.
      ii. Sa ilalim ng Batas sa Pag-uulat para sa Nasa Hustong Gulang, ang sinumang obligadong tagaulat na may napansin o nalalamang insidente na makatwirang nakikitang pisikal na pang-aabuso, pag-abandona, pagdukot, pagbubukod, pinansyal na pang-aabuso, o pagpapabaya sa isang nasa hustong gulang na Consumer, o (ii) sinabihan ng isang nasa hustong gulang na Consumer na nakaranas siya ng Pang-aabuso sa Nasa Hustong Gulang, o (iii) makatwirang naghihinala ng pagkakaroon ng Pang-aabuso sa Nasa Hustong Gulang, ay dapat mag-ulat ng Pang-aabuso sa Nasa Hustong Gulang sa mga naaangkop na awtoridad ng pamahalaan (napapailalim sa ilang partikular na limitadong pagbubukod na inilalarawan sa Batas sa Pag-uulat para sa Nasa Hustong Gulang).

   b. Ang Child Abuse and Neglect Reporting Act (CPC Code § 11164 - 11174.5)

      i. Nagsasaad (kasama ng iba pang bagay) na ang iba't ibang kategorya ng mga tao na nakikipag-ugnayan sa isang Consumer na wala pang 18 taong gulang ay mga obligadong tagaulat.
      ii. Ang sinumang obligadong tagaulat sa ilalim ng batas na ito na may kilala o napansing taong wala pang 18 taong gulang
      na batid o makatwirang pinaghihinalaan ng obligadong tagaulat na biktima ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata ay dapat mag-ulat ng pang-aabuso sa mga naaangkop na awtoridad ng pamahalaan (napapailalim sa ilang partikular na limitadong pagbubukod na inilalarawan sa Batas sa Pag-uulat para sa Bata).
      iii. Tandaang naiiba ang listahan ng mga obligadong tagaulat na may obligasyong mag-ulat ng pang-aabuso sa bata sa listahan ng mga obligadong tagaulat na may obligasyong mag-ulat ng pang-aabuso sa nasa hustong gulang. Sumangguni sa mismong code para sa mga detalye.

3. Miyembro ng Kawani ng IRC – Lahat ng full-time na empleyado, part-time na empleyado,

pansamantalang empleyado o empleyado mula sa ahensya, awtorisadong sanggunian, kontratista, at/o vendor ng Inland Regional Center.

4. Pisikal na Pang-aabuso - Ang paggamit o pagtatangkang gumamit ng puwersa sa tao ng isa pang tao, hindi makatwirang pisikal na
   pagpigil o pangmatagalan o tuloy-tuloy na pagkakait ng pagkain, tubig, o sekswal na pang-aabuso. Nangangahulugan din ito ng paggamit ng pagbubukod, pisikal o kemikal na pagpigil, o psychotropic na gamot na walang medikal na awtorisasyon para sa pagpaparusa.
5. Mental na Pagpapahirap - Pagkatakot, pagkabalisa, pagkalito, matinding depresyon, o iba pang uri ng emosyonal na pagkabahala na dulot ng mga pagbabanta, panliligalig, o iba pang uri ng gawain ng pananakot.

6. Pagpapabaya - Ang pagpapabaya ng (mga) taong nangangalaga o may kustodiya sa isang consumer sa pagsasagawa ng makatwirang antas ng pangangalaga kabilang ang, pero hindi limitado sa, hindi pagtulong sa personal na hygiene at pagbibigay ng pagkain, damit, at tirahan, o hindi pagbibigay ng medikal na pangangalaga o hindi pagprotekta sa consumer mula sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan.

MGA ALITUNTUNIN PARA SA PAGSUNOD SA PATAKARAN

1. Ang pangasiwaan ng Inland Regional Center at lahat ng ginawang vendor na tagapagbigay ng serbisyo at pasilidad sa pangmatagalang pangangalagang pangkalusugan ng Inland Regional Center na naglilingkod sa mga consumer ng Inland Regional Center ay dapat:

    a. Tiyaking nabigyan ng kumpletong impormasyon ang kani-kanilang miyembro ng kawani at/o empleyado sa panahon ng pag-hire at taon-taon pagkatapos nito hinggil sa Patakaran ng Inland Regional Center sa Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Consumer at mga batas sa obligadong pag-uulat ng pang-aabuso at pagpapabaya.
    b. Tiyaking alam ng kani-kanilang miyembro ng kawani at/o mga empleyado ang kanilang responsibilidad na protektahan ang mga consumer mula sa pang-aabuso at pagpapabaya; alam nila ang mga senyales ng pang-aabuso at pagpapabaya; at ang proseso ng pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya, at ang mga kahihinatnan ng hindi pagsunod sa batas at hindi pagpapatupad ng patakarang ito.

2. Kung mapag-aalaman ng isang miyembro ng kawani ng Inland Regional Center o ng tagapagbigay ng serbisyo o pasilidad sa pangmatagalang pangangalagang pangkalusugan ng Inland Regional Center ang pang-aabuso sa consumer:

    a. Dapat silang kumilos kaagad para pigilang mangyari ang pang-aabuso, sa sukdulang pinapayagan ng batas.
    b. Dapat nilang tiyaking napoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng apektadong consumer at lahat ng iba pang consumer na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta.
    c. Dapat nilang iulat ang insidente sa mga naaangkop na awtoridad alinsunod sa mga batas sa obligadong tagaulat ng California.
    d. Karagdagan ang mga obligasyong ito sa mga iniaatas sa mga obligadong tagaulat na mag-ulat ng pang-aabuso sa consumer sa ilalim ng mga batas sa pag-uulat at nalalapat ang mga ito sa lahat ng miyembro ng kawani ng IRC.

3. Sa sandaling malaman ng pangasiwaan ng Inland Regional Center ang anumang sinasabing insidente ng pang-aabuso sa consumer na nauugnay sa isang consumer ng Inland Regional Center, dapat silang magsagawa ng agaran, masusi, at hiwalay na pag-iimbestiga.

    a. Maaaring isagawa ang imbestigasyong ito nang internal, o sa pamamagitan ng paggamit ng resource sa imbestigasyon na mula sa labas.
    b. Kinakailangang matukoy sa imbestigasyon ang lahat ng nauugnay na impormasyon at gawin ang lahat ng pagsisikap na matukoy ang mga sumusunod:

        i. May nangyari ba talagang insidente ng pang-aabuso sa consumer?
        ii. Kung mayroon, sino ang responsable para sa sinasabing pang-aabuso?
        iii. Nagsagawa ba ng mga naaangkop na hakbang ang mga nasa awtoridad para mapigilang mangyari ulit ang sinasabing pang-aabuso at maprotektahan ang consumer mula sa anumang karagdagang pang-aabuso?
        iv. Wasto bang naiulat ang sinasabing pang-aabuso sa mga naaangkop na legal na awtoridad?

Zero Tolerance na Patakaran

MGA NAUUGNAY NA PATAKARAN - Wala.

MGA KALAKIP – Wala.

AWTORIDAD / MGA PAGSIPI

Zero Tolerance na Patakaran

- Artikulo 1, Seksyon 17 ng Master Contract ng Inland Counties Regional Center sa Estado ng California
- Elder Abuse and Dependent Adult Civil Protection Act (W&I Code § 15600 – 15675)
- Ang Child Abuse and Neglect Reporting Act (CPC Code § 11164 - 11174.5)